# LIBRENG SERBISYONG PANGNGIPIN


**Ito ay para sa mga benepisyaryo ng tulong panglipunan at kanilang mga anak**



Kung kayo ay benepisyaryo ng tulong pananalapi ng huling dulugan, para makuha ang serbisyong ito, kailangan niyo na:

- magtakda ng appointment sa isang dentista na kasapi ng RAMQ (magtanong sa sekretarya para sa impormasyon).

-dalhin ang inyong RAMQ card at ang pinakabagong kopya ng inyong reclamation booklet sa bawat appointment sa dentista.




*1 : kung nakasulat ang 'Oui', ito ay nangangahulugan na ang mga kagamutang nakalista sa ika-2 hakbang ay sakop ng gobyerno para sa pasyente. Kung hindi, ang petsa ng pagsisimula ng Hakbang 2 ang nakasaad.*
*2 : Ang petsa ng pagsisimula ng Hakbang 3 ay nakasaad dito.*

**Hakbang 2– Libreng serbisyo para sa mga benepisyaryo ng MAS MABABA SA 12 BUWANG magkakasunod, at kanilang mga anak*.**

Para lamang sa mga emerhensiya : matinding pananakit, impeksyon/pigsa,ngiping aksidenteng natanggal...Dapat ipaliwanag nang maayos na ito ay isang emerhensiya kapag magtanong ng appointment.

- Pagkontrol sa pagdurugo
- Paggamot sa impeksyon sa ngipin at gilagid (pag-drain ng ngipin o gilagid)
- Pagbunot ng ngipin at ugat, pati ang pangangalaga pagkatapos ng operasyon
- Paggamot sa mga sugat sa ngipin o bibig (halimbawa : ngala-ngala, pisngi, dila)
- Pagbabalik ng ngipin na aksidenteng natanggal.

**Hakbang 2 – Libreng serbisyo para sa mga benepisyaryo ng HIGIT SA 12 BUWANG magkakasunod, at kanilang mga anak*.**

- Pagsusuri kada taon
- Pagsusuri at paggamot ng mga emerhensiya
- X-ray at anesthesia
- Paglilinis ng ngipin (16 taong gulang at pataas) at pag-polish(12 taong gulang at pataas)
- Gray pasta para sa mga ngipin sa likod
- Puting pasta para sa mga ngiping nakikita pag nakangiti
- Pagbunot ng ngipin at ugat
- Nagawa ng kurona
- Root canal treatment (12 taong gulang at mahigit)
- Paglalagay ng fluoride (12 hanggang 15 taong gulang)

**Hakbang 3 – Libreng serbisyo para sa mga benepisyaryo ng HIGIT SA 24 BUWANG magkakasunod, at sa kanilang mga anak*.**


Bukod pa sa ibang paggamot :

- Buong pustiso (dentures) kada 8 taon
- Bahaging pustiso (partial dentures) na gawa sa acrylic kada 8 taon
- Pagtapal muli (refitting) ng pustiso kada 5 taon
- Pagpapalit ng nawala o nasirang pustiso (hindi na kayang maayos)-> kalahating gastos lamang
- Pagpapalit ng pustiso matapos ang operasyon sa bibig
- Pag-aayos ng pustiso

*Ang mga anak na17 taong gulang pababa na sakop ng RAMQ ay maaring sakop din ng Canadian Dental Care Plan (RCSD). Dahil dito, kung may mga paggamot na hindi sakop ng RAMQ, maari itong sakop ng RCSD, kahit para sa mga anak na nakadepende sa benepisayaryo ng tulong panlipunan.

PROJET BOUCHE B Dentraide

# SERBISYONG PANGNGIPIN PARA SA MGA BATA



Sa Québec, may iba't ibang programa ang sumasakop sa gastos sa dentista para sa mga bata.

Posibleng dalawang programa ang sabay na pwedeng sumagot sa mga gastos para sa isang bata :

- Ang RAMQ para sa batang 9 taong gulang at pababa at mga batang nakadepende sa mga benepisyaryo ng tulong panlipunan.
- Ang PFSI para sa mga batang refugee o asylum seekers.
- Ang *Régime canadien de soins dentaires* (RCSD) para sa mga batang 17 taong gulang at pababa na kwalipikado.
- Ang programang *Non-Insured Health Benefits* (NIHB) para sa mga Indigenous at Inuit na komunidad.
- Ang mga pribadong insurance.

PROJET BOUCHE B

Dentraide

**PARA SA MGA BATANG 9 TAONG GULANG AT PABABA**

LIBRE GAMIT ANG RAMQ (health insurance card)

- Isang kumpletong pagsusuri kada 365 araw
- Pagsusuri at paggamot ng mga emerhensiya
- X-ray at anaesthesia
- Gray na pasta para sa mga ngipin sa likod
- Puting pasta para sa mga ngipin sa harap
- Gawang kurona
- Pagbunot ng ngipin at ugat
- Operasyon
- Root canal treatment

HINDI LIBRE GAMIT NG RAMQ pero sakop ng RCSD o ilang pribadong insurance

- Paglilinis at pagtanggal ng tartar
- Paglalagay ng fluoride
- Sealant para sa mga butas at bitak

HINDI LIBRE GAMIT ANG RAMQ pero sakop ng ilang pribadong insurance :

- Orthodontics (halimbawa : braces, palate expansion, space maintainers)



**PARA SA MGA BATANG 10 HANGGANG 17 TAONG GULANG**

Mula Hunyo 2024, ang mga batang 17 taong gulang at pababa na kwalipikado ay sakop ng RCSD. Ang mga serbisyong sagot ng programang ito ay direktang binabayaran sa dentista, ayon sa porsyento batay sa kita ng mga magulang. Kailangan lamang bayaran ng magulang ang natitirang halaga.

Kailangang irehistro ng mga magulang ang kanilang anak sa RCSD para makatanggap ito ng membership card.

Importanteng tiyakin na ang dentista ay kalahok sa programa bago magpagawa ng appointment.



Mga halimbawa ng mga serbisyong sakop ng RCSD :

- Mga pagsusuri, paglilinis, pagtanggal ng tartar, X-ray, paglagay ng fluoride, sealant…
- Pagpa-pasta
- Root canal treatment
- Paglilinis sa ilalim ng gilagid, paggamot ng pigsa
- Post, corona (pagkatapos ng awtorisasyon)
- Pagbunot ng ngipin at ugat
- Prothesis (removable dentures), pag aayos ng prothesis